Programang Activation, Revitalization, and Transformation (A.R.T., Pagpapatupad, Pagpapanumbalik, at Transpormasyon) YUGTO II
Mga Madalas Itanong

1) Ano ang programang gawad na NJEDA A.R.T. – Yugto II?

Ang gawad na *Activation, Revitalization, Transformation (A.R.T.)* - Yugto II ay isang mapagkumpitensyang programa para sa mga non-profit na organisasyon na nakatuon sa pagpapaigting ng mga pagsusumikap ng pagtatalaga sa komunidad sa pamamagitan ng paggamit ng sektor ng sining at kultura bilang malikhaing puwersa para sa pagbabago sa mga downtown ng 31 piling munisipalidad na ang mga komersyal na corridor ay lubos na naapektuhan ng nabawasang trapiko ng bumibiyahe dahil sa COVID-19.

Susuportahan ng programa ang paglikha ng mga inisyatiba sa pagpapatupad ng pampublikong espasyo, tulad ng mga proyekto ng pagtatalaga, paglalagay ng pampublikong sining, at proyektong nakabatay sa sining sa pamamagitan ng 15 milyon sa inilaang pagpopondo sa pamamagitan ng Batas ng Paglalaan ng Badyet sa Piskal na Taon 2023 (P.L. 2022, c.49) na tinukoy bilang Suporta at Pagtatalaga sa Sining na may mga gawad sa pagitan ng $100,000 at $500,000

2) Sinu-sino ang mga karapat-dapat na aplikante para sa mga gawad para sa ART Yugto II?

Mga non-profit na organisasyon na may 501 c (3), 501 c (6) or 501 c (19). Suportado ng liham ng pagpapasya ng IRS.

Ang mga kopya ng liham ng pagpapasya (inisyu noong Enero 1, 2014 at kalaunan) ay maaaring i-download gamit ang on-line na tool ng IRS sa paghahanap: Ang Tax Exempt Organization Search (TEOS, Pagsasaliksik ng Organisasyon na may Eksemsyon sa Buwis)

https://www.irs.gov/charities-non-profits/tax-exempt-organization-search

Ang mga kopya ng liham ng pagpapasya na inisyu bago ang 2014, ay maaaring hilingin sa pamamagitan ng pagsusumite ng Form 4506-B, Aplikasyon o Liham ng Kahilingan sa IRS para sa Kopya ng Organisasyon na may Eksemsyon gamit ang email feature.

https://www.irs.gov/pub/irs-pdf/f4506b.pdf

3) Saan matatagpuan ang mga karapat-dapat na proyekto?

Ang lahat ng lokasyon ng proyekto ay kailangang nasa karapat-dapat na munisipalidad ng New Jersey na matatagpuan sa loob ng 1.5 milya ng aktibong Transit ng istasyon ng pampasaherong rail o light rail ng New Jersey, PATCO, PATH, o SEPTA na pinapatakbo sa katulad na munisipalidad na natutugunan ang mga pamantayan sa itaas. (Ang mga lokasyon ay matatagpuan sa point data ng

mga pangheograpiyang sistema ng impormasyon ng istasyon ng pampasaherong rail ng NJ Department of Community Affairs.)

Mag-click **dito** para makita ang **NJEDA Location Mapping Tool** upang mapagpasyahan ang pagiging karapat-dapat ng lokasyon ng iyong iminumungkahing proyekto.

Ang 31 munisipalidad na may mga lugar na karapat-dapat para sa programa ay: Asbury Park, Bayonne, Belleville, Burlington City, Camden, City of Orange, Clifton, Dover, Dunellen, East Orange, Egg Harbor City, Elizabeth, Garfield, Hackensack, Hammonton, Jersey City, Linden, Lindenwold, Long Branch, Netcong, New Brunswick, North Bergen, Passaic, Paterson, Pennsauken, Perth Amboy, Plainfield, Rahway, Riverside, Trenton, at Union City.

Ang mga proyektong matatagpuan sa loob ng Lungsod ng Newark at sa Lungsod ng Atlantic City ay hindi karapat-dapat para sa pagpopondo sa pamamagitan ng A.R.T. – Yugto II.

4) Anong uri ng mga proyekto ang karapat-dapat para sa suporta?

Ang programang A.R.T. II ay isang gawad na produktong susuporta sa paglikha ng mga inisyatiba sa pagpapatupad ng pampublikong espasyo, tulad ng mga proyekto ng pagtatalaga, paglalagay ng pampublikong sining, at proyektong nakabatay sa sining. Maaaring kasama sa mga aktibidad na ito ang, ngunit hindi limitado sa mga eksibisyong pansining, pagtatanghal, kapistahan, parada, konsyerto o serye ng konsyerto, screening ng pelikula at video, at programang pangkultura. Maaari ring igawad ang pagpopondo upang suportahan ang mga gastos sa pagpapatakbo para sa aplikante upang ipatulad ang mga proyektong pansining o pagtatalaga.

5) Mayroon bang mga hindi karapat-dapat na paggamit ng mga pondo?

Maaaring kasama sa mga hindi karapat-dapat na aktibidad ng proyekto ang, ngunit hindi limitado sa mga gastos sa pagkuha ng real estate, mga lease para sa real estate na may mga petsa ng pagkawala ng bisa na lumampas ng Disyembre 31, 2026, espasyo ng incubator, at konstruksyon ng real estate. Bukod dito, hindi karapat-dapat ang malalaking pagpapabuti sa imprastruktura, tulad ng mga kapital na paggasta kabilang ang, ngunit hindi limitado sa alkantarilya, maruming tubig, grid ng kuryente, pagpapatag ng daan, mga sistema para sa iniinom na tubig, at mga estruktura na nilalayong manatili pagkatapos ng Disyembre 31, 2026, kabilang ang demolisyon para lumikha ng bakanteng lupa.

6) Kakailanganin ba ng mga aplikante na magbigay ng lahat ng pinagmumulan ng pagpopondo para sa proyekto?

Oo. Kailangang magsumite ang lahat ng aplikante ng pagsusuri sa Pinagmumulan at Paggamit sa Source & Use Form (Form ng Pinagmumulan at Paggamit) ng aplikasyon. Ang mga line item sa seksyon ng Pinagmumulan ay kailangang ilista ang lahat ng pinagmumulan ng pagpopondo kabilang ang mga pondong hiniling sa aplikasyon sa gawad para sa NJEDA A.R.T II. Kung ang halagang hiniling sa aplikasyon sa Gawad para sa NJEDA A.R.T. II ay hindi nakalista bilang Pinagmumulan o kung ang mga Kabuuang Pinagmumulan ay hindi katumbas ng mga Kabuuang Paggamit, ang dokumento ng Pinagmumulan at Paggamit, kung gayon, ay ituturing na hindi kumpleto, at ang aplikasyon ay tatanggap ng hindi diskresyonaryong pagtanggi.

7) Ano ang mga Konsiderasyon sa Pagiging Karapat-dapat sa Proyekto at paano ko matutugunan ang mga ito?

Patutunayan ng mga aplikante, sa panahon ng aplikasyon, na natutugunan ng proyekto ang mga sumusunod na pederal na konsiderasyon sa pagiging karapat-dapat:

- Epekto ng COVID: Kailangang matugunan ng mga aplikante kung paano ang mungkahi ay tumutugon sa mga negatibong epekto ng pandemyang COVID-19 sa pampublikong kalusugan at/o ekonomiya at sumusunod sa lahat ng hinihingi ng programang ARP.
- Kapasidad: Kailangan ng aplikante na magkaroon ng karanasan sa pagpapatupad ng minimum na isang proyekto na katulad ng proyektong iminumungkahi.
- Pangmatagalang epekto: Ang mga mapagkumpitensyang aplikante ay kailangang isaad sa pamamagitan ng proseso ng aplikasyon kung paano magkakaroon ng positibong pangmatagalang epekto ang mungkahi sa komunidad nito at benepisyo sa kabuuan sa komunidad sa pangkalahatan.
- Katatagang Pinansyal: Kailangang maipakita ang pangmatagalang pinansyal na kakayahan ng proyekto at katibayan na makukumpleto ang proyekto bago mag-12/31/26;
- Pag-uulat sa U.S. Treasury: Kakayahang (kung naaangkop o hiniling ng US Treasury) na bigyan ang U.S. Department of Treasury ng nauukol na pag-uulat para sa lahat ng gastos sa proyekto na lalampas ng $1, partikular na, kailangang magbigay ang lahat ng mungkahi ng salaysay ng kung paano matutugunan ng proyekto ang mga epekto ng COVID-19 sa kanilang munisipalidad at kung bakit pinakanaaangkop ang kapital na paggastang ito upang matugunan ang mga pinsala sa ekonomiya na dulot ng COVID.

8) Kailan dapat makumpleto ang mga proyekto at maibibigay ang lahat ng gawad?

Ang lahat ng proyektong A.R.T. – Yugto II ay dapat makumpleto, at ang lahat ng pagpopondo sa gawad ay magagasta hanggang Disyembre 31, 2026. Kakailanganin ng mga aplikanteng magsumite ng Pagsasapanahon ng Proyekto bilang katibayan na kayang matugunan ng proyekto ang mga patnubay na ito ng pederal na programa.

9) Iniaatas ba ng programa ang tax clearance certificate (sertipiko ng pag-apruba ng ahensya ng buwis)?

Oo. Kailangang magbigay ng Tax Clearance **sa panahon ng aplikasyon.**

Kung hindi ka rehistrado sa Premier Business Services, bisitahin ang portal ng Premier Business Services https://www16.state.nj.us/NJ_PREMIER_EBIZ/jsp/home.jsp at piliin ang New Users Only (Mga Bagong Gumagamit Lamang) – Gumawa ng Account at sundin ang mga tagubilin para sa paggawa ng bagong account.

Kung rehistrado ka na sa Premier Business Services, mag-log in sahttps://www16.state.nj.us/NJ_PREMIER_EBIZ/jsp/home.jsp. Pumunta sa Tax & Revenue Center at pilin ang Business Incentive Tax Clearance. Kung nakasunod ang iyong account sa mga obligasyon sa buwis at walang umiiral na pananagutan, maaaring mai-print ang Business Incentive Tax Clearance nang direkta sa pamamagitan ng portal.

Ang mga tanong tungkol sa iyong account ay maaaring idirekta sa NJ Treasury sa 609-292-9292 o sa pamamagitan ng email sa Premier Services Registration sa Integrated-Registration.Admin@treas.nj.gov.
Hindi kailangan ang mga Tax Clearance Certificate para pangalanan ang NJEDA bilang entidad para kung saan iniisyu ang clearance.

Hindi maaaring tumanggap ang NJEDA ng tax clearance certificate sa New Jersey Department of Environmental Protection (NJDEP) bilang entidad para kung saan iniisyu ang tax clearance.

10) Mayroon bang pagrerepaso ng Duplication of Benefit (Pagdodoble ng Benepisyo)?
Oo, kailangang makumpleto ng lahat ng proyekto ang pagrerepaso ng Duplication of Benefits upang matiyak ang buong pederal na pagsunod

11) Ano ang pinakamaliit na hiniling na gawad, kada proyekto?
Ang pinakamaliit na hihilinging halaga ay $100,000.

12) Ano ang pinakamalaking na hiniling na gawad, kada proyekto?
Ang pinakamalaking hihilinging halaga ay $500,000.

13) Paano ibinibigay ang mga gawad para sa Programang A.R.T - Yugto II?
Sa ilalim ng Programang A.R.T. Yugto II, tatanggap ang aplikante ng buong halaga ng gawad sa oras na maipatupad ang kasunduan sa gawad. Aatasan ang Aplikanteng magsumite ng ulat kada tatlong buwan hanggang sa makumpleto ang proyekto.

14) Paano kung may mga natitirang aplikante na ang mga proyekto ay hindi mapopondohan ng buong halaga ng dolyar?

Kung may mga natitirang aplikante, na hindi mapopondohan sa buong halaga ng dolyar na hiniling, aabisuhan sila ng mga kawani ng NJEDA at tutukuyin ang halaga ng mga makukuhang pondo ng proyeko. Magkakaroon ang aplikante ng 15 araw ng negosyo mula sa petsa kung kailan inabisuhan na matanggap ang halaga ng mga makukuhang pondo at kailangang magbigay ng katibayan ng pagmumulan ng karagdagang pagpopondo upang makumpleto ang badyet sa iminumungkahing proyekto. Ang katibayan ay maaaring sa anyo ng Letter of Intent (Liham ng Layunin), commitment letter (liham ng pangako), o mga bank statement (ulat ng nilalaman ng account sa bangko). Kung nagpasya ang aplikante na huwag tanggapin ang makukuhang halaga o hindi tinukoy ang karagdagang pagpopondo para kumpletuhin ang pagpopondo, hindi magiging kumpleto ang aplikasyon at ituturing na inurong ng NJEDA.

15) Magdudulot ba ang programang ito ng umiiral na sahod?
Oo, ang pagpopondo ng Programang A.R.T. – Yugto II ay maaaring magdulot ng umiiral na sahod sa mga piling proyektong nakabatay sa paggamit ng mga gawad na pondo para sa mga aktibidad na nauugnay sa konstruksyon. Susuriin ang bawat proyekto ng EDA Labor Compliance para sa pagsunod sa umiiral na sahod.

19) Kung nakapaloob sa Proyekto ang konstruksyon, magsusumite ba ang aplikante ng mga tantiya ng kontratista para sa Proyekto?

Oo. Dapat magsumite ang aplikante ng mga tantiya ng kontratista o pinal na pagbabalangkas ng kabayaran sa paggawa. Ang kontratista ng proyekto ay kailangang maging isang rehistradong kontratista ng pampublikong paggawa ng NJ.

20) Magkano ang singil sa aplikasyon sa Programa?

Walang singil sa aplikasyon ang kailangan para sa programang ito.

21) Maaari ba akong mag-apply nang maraming beses?

Hindi, Limitado ang mga entidad sa isang (1) aplikasyon kada EIN.

22) Paano mabibigyan ng score ang mga aplikante?

Rerepasuhin ang bawat aplikasyon ng mga miyembro ng scoring committee. Rerepasuhin ng mga aplikante ang mga bahagi ng pag-score sa aplikasyon sa pamamagitan ng pag-download sa dokumento ng "Mga Pamantayan sa Pag-score" sa webpage ng ART – Yugto II: Programang Activation, Revitalization, and Transformation (A.R.T., Pagpapatupad, Pagpapanumbalik, at Transpormasyon) - Yugto II - NJEDA.

23) Magkakaroon ba ng mga oportunidad para makapagtanong ang mga aplikante bago mag-live ang aplikasyon?

Oo, magkakaroon ng mga webinar na naka-iskedyul kung saan rerepasuhin ng mga kinatawan ng NJEDA ang mahahalagang bahagi ng programa. Magkakaroon din ng pagkakataon para magtanong sa mga webinar na ito. Ipapaskil din ang lahat ng webinar sa website. Ang unang virtual na sesyon ay gaganapin sa **Martes, Hunyo 18, 2024, sa ganap na 11:00 a.m.** Mag-click dito para magparehistro para sa webinar.

Maaari ring magsumite ng mga tanong ang mga aplikante sa pamamagitan ng email sa **ArtPhase2@njeda.gov.**